# US Regional Conference

**Connectional Table**
The United Methodist Church

bit.ly/USRClegislation

Ang hangarin ng Connectional Table ay ipaunawa at magbigay ng kaliwanagan ang mga pananaw para sa simbahan at ang pangangasiwa sa mga misyon, ministeryo, at kaparaanan ng United Methodist Church na base sa kapasyahan ng General Conference at pagsangguni sa Council of Bishops.




## Ano ang Regional Conference?

Ang USRC ay masasaklawan nito ang kasalukuyang U.S. Jurisdictional Conference at ng geographical boundaries(nasasakupan nito) na kahalintuld ngsakop ng US Annual Conferences. At hindi nito babaguhin ang tungkulin at kapangyarihan ng U.S. Jurisdictional References, kabilang na dito ang eleksyon ng mga obispo.

## Ano ang layunin nito?

Ang layunin nito ay maibsan ang mga dalahin/isyung tinatalakay ng U.S. Legislation sa General Conference at mabigayn ang mga simbahan sa US ng pagkapantay-pantay sa mga kabilang/dumadalo sa Central Conferences.

## Bakit tinawag na "Regional Conference"?

Pinangalanan ang bagong balangkas na ito para sa U.S. governance na "Regional Conference" sa halip na "Central Conference" bilang pagkilala/pagtugon/pagbigay pansin sa mga masasakit, maseselang isyung panlahi at sa kasalukuyang nararanasang mga problema/isyu na kaakibat ng nagdaang Central Jurisdiction sa U.S.

## Saan nag-ugat ang panukalang ito?

Ang Connectional Table at ang Standing Committee ay magkasamang humarap sa mga usaping patungkol sa Central Conference mula pa noong 2013 upang sa ganoon any makahanap ng solusyon sa mga umuusbong na isyu upang magabayan ang mga U.S. churches na makagawa ng mga hakbangin na alinsunod sa mga gawaing iminumungkahi ng General Book of Discipline.

## Ano ang ipinagkaiba nito sa ibang mga panukala?

Ang tungkulin namin sa mga batas/lehislatibo na ito pre-dates sa 2019 Special Session at ito rin ay tugon sa mga pangangailangan ng mga simbahang pandaigdigan/global. Ginugol naming ang huling bahagi ng quadrennium sa puspusang pag-aaral sa panukala sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga indibidwal at grupong lumahok sa Central Conferences, Us Wespath, mga Director ng Connectional Ministry, legal counsel, lupon ng mga Bishops, lupon ng General Conferences, at iba pa.

## Paano mabubuo ang Regional Conference?

Ang Stage 1 ay bubuo ng komite ng General Conference na may lehislatibong tungkulin upang talakayin ksama ng U.S region-adaptable disciplinary provisions, U.S. related resolutions at non-disciplinary petitions patungkol sa mga malasakit at isyu ng U.S.

Ang Stage 2 ay bubuuin ang U.S. Regional Conference, pagkatapos, and Stage 1 Committee ang siyang tatapos sa kanyang tungkulin o trabaho.




# Mga Madalas Tinatanong : US Regional Conference Webinar

## Paano nakikipagtulungan ang USRC sa lehislasyong Protocol at Christmas Covenant?

**Christmas Covenant** | Kinukumpirma ng CT na ang Christmas Covenant ay tumpak na sumasalamin sa lehislasyon  ng CT  na kung saan iminumungkahi nito ang pagbuo ng U.S. Regional Conference. Gagawin nitong ang istruktura ng regional conference ay kapareho sa buong mundo. Katulad ng lehislasyon ng CT USRC , ang lehislasyong Christmas Covenant ay lilikha ng dalawang-yugtong proseso sa Amerika. Magsisimula ito sa isang interim U.S. Regional Committee na hindi nangangailangan ng pagbabago ng konstitusyon. Sa gayon, ito ay lilikha ng U.S. Regional Conference, na nangangailangan ng mga pagbabago sa konstitusyon. Bilang karagdagan, kasama dito ang U.S.

**Protocol** | Ang lehislasyon ng CT USRC ay pantulong sa Protocol, na kasama ang regionalization bilang natatanging mithiin. Ang lehislasyong Protocol ay walang daan patungo sa regionalization katulad ng nakasulat. Ang lehislasyon ng CT USRC ay maaring isang paraan para makamtan ang regionalization.

## Paano nagbibigay ng suporta ang Central Conferences sa panukala?

Isinasaad ng Central Conference College of Bishops ang kanilang pagsusulong at pagbibigay suporta sa panukalang U.S. Regional Conference. Inendorso ng Philippines Annual Conference Cavite at ipinasa ang lehislayong Christmas Covenant na isinama at nagpalawak sa lehislasyong USRC (link to statement on website). Dagdag pa dito, ang Connectional Table (CT), na kung saan ang 17% ng kaanib na mula sa Central Conferences, ay bumoto upang ipadala ang lehislasyon na ito sa 2020 General Conference.

## Ang mga central conferences ba ay may boto sa bagong kinatawan ng U.S. ?

IAng lehislasyon sa Unang Yugto ay itinakda ang U.S. Regional, lahat ng delegado ng U.S., isang layko at isang pastor para sa central conferences, na lahat ay may karapatang magsalita at bumoto. Sa Pangalawang Yugto, kapag nabuo na ang U.S. Regional Conference, ang lehislasyon ay magbibigay sa bawat layko at pastor mula sa central conferences ng karapatang magsalita at bumoto. Ang pagsama sa representasyon na ito ay intensyonal dahil napakahalaga na malaman ang pananaw ng mga miyembro ng central conferences sa kung anong U.S. specific. Ganunpaman, sa parehong paraaan na ang mga delegado ng U.S. na hindi boboto sa central conferences, ang mga delegado ng central conferences ay hindi rin maaring bumoto sa U.S. regional conference.




## Posible ba na maipatupad ang mas maikling panahon para sa pagtatatag at pagpapatupad ng U.S. Regional Conference?

Ang nailimbag nang lehislasyong USRC ay ganap na mapangyarihin sa 2024. Maaring may interes na pagalawin pataas ang pagpapatibay ng boto sa mga pagbabago ng konstitusyon para sa lehislasyong USRC sa mga annual conferences. Kung ito ang nais ng mga delegado, at kung ang lahat ng ginawang pagbabago sa konstitusyon ay mapagtibay, kung gayon, posible na magtipon ang U.S. Regional Conference mid-quadrennium. Sa puntong ito, maraming mga bagay ang hindi tiyak at mga pagbabago na maaring makaapekto sa mga desisyon, kasama na rito ang mga lehislasyong Protocol at Christmas Covenant. Sa bandand huli, ang mga desisyong ito ay nakasalalay sa mga delegado ng General Conference.

## Kapag ito'y pinagtibay sa General Conference, ang mga hadlang ba sa kasal at ordinasyon ng homosexual ay maaring alisin mula sa kasalukuyang UMC Book of Discipline?

Batay sa kasalukuyang Book Discipline (BOD), ang mga hadlang na ito ay nasa bahagi ng hindi naaangkop. Ang isang U.S. Regional Conference ay maaring umangkop ng ilang mga bahagi na kung saan ito ay naaangkop sa Central Conferences. Ganunpaman, kung ang General Conference ay bumoto para baguhin ang bahaging hindi naaangkop ng BOD, na tinatanggal ang mga hadlang na ito, ang lengguwahe patungkol sa kasal at ordinasyon ng homosexual ay maaring naaangkop o mababago.

Ang layunin ng lehislasyong ito ay upang pangasiwaan ang mas kontekstwal o naaangkop na ministeryo. Ninanais ng lehislasyong ito na payagan ang U.S. na gumawa ng naaangkop na pagpapasiya tungkol sa pagmimisyon. Sa pagbibigay sa U.S. ng ganitong kapangyarihan bilang Central Conferences at bilang isang lugar na sumasalamin sa ating natatanging konteksto, makakasumpong tayo ng malikhain at makabagong pamamaraan sa pagsasagawa ng mga ministeryo na U.S. specific.

## Anu- ano ang mga bahaging naaangkop sa Book of Discipline?

"Ayon sa ¶ 101 at ¶543.7 ng Book of Discipline, ang mga sumusunod na bahagi at talata ay hindi nakatakda para sa pagbabago o pagaangkop maliban lamang sa pagkilos ng General Conference. Ang bahaging I-V I) Constitution ¶1-61; II) General Book of Discipline ¶101; III) Doctrinal Standards and Our Theological Task ¶102-105 IV) The Ministry of all Christians ¶120-143; and V) Social Principles Preface, Preamble and ¶160-166."




## Ang General Conference ba talaga ay gumugugol ng napakahusay na panahon sa mga usapin na nakatuon sa U.S.?

Oo. Patungkol sa US-only Pensions, ang paparating na GC ay nakapaloob dito ang apatnapung minutong  paglalahad sa kapulungan, isang ulat mula sa legislative committee, at pagakakataong bumoto sa mga usaping ito. Ang National Plans ay napakahalaga para sa ministeryo ng mga ethniko sa U.S., ngunit ito ay mga pambansang plano, bilang isinasaad ng kanilang pangalan, at ito ay patungkol lamang sa U.S. Wala itong epekto sa labas ng U.S. ngunit ito ay gugugol ng oras habang isinasagawa ang General Conference. Ang karagdagang halaga para sa hangaring pagbabago ng jurisdictions ay dadagdag sa mga gastusin ng GC.

## Makakatulong ba sa pagtitipid ang U.S. Regional Conference sa denominasyon?

Oo. Magiging maiksi ang pagsasagawa ng General Conference, na kung saan mababawasan din ang mga gastusin. Direktang magpupulong ang U.S. Regional Conference o pagkatapos ng General Conference o isang magkasanib na Jurisdictional Conference, minsanan lang ang paglalakbay ng mga delegado, at maaari ring magamit ang parehong lugar na pinagdausan. Makakatipid ng pera sa mga maliliit na pagtitipon. Ang mga lehislasyon lang ng U.S. ang hindi na nangangailangan ng pagsasalin sa ADCA. Para sa paparating na General Conference, pitumpu’t pitong  pahina ng ADCA ang maisasalin lang para sa US-only Pensions.